# Pangkalahatang Buod



Enero 2014

Seattle
Community
Police Commission

Ating lungsod. Ating kaligtasan. Ating pulisya. Mas magandang sama-sama.

## Makipag-ugnayan sa amin:

**Office of the Community Police Commission**
**PO Box 94765**
**Seattle, WA 98124-7065**
**206-233-2664**
**OCPC@seattle.gov**

**www.seattle.gov/policeCommission**
Ang Pangkalahatang Buod na ito at ang kumpletong 2014 Ulat sa Pag-abot sa Komunidad ay available online sa
**www.seattle.gov/policeCommission/resources.htm/.**

# Pangkalahatang Buod

## Ang Seattle Community Police Commission at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Noong 2012 pumasok ang Lungsod ng Seattle sa isang Kasunduan sa Pagsasaayos kasama ang U.S. Department of Justice (DOJ) upang ireporma ang Seattle Police Department (SPD) pagkatapos mag-ulat ng DOJ ng pattern o kasanayan ng mga paglabag sa konstitusyon ng SPD. Hiniling ng Kasunduan sa Pagsasaayos ang pagtatatag ng Seattle Community Police Commission (CPC), kung saan kinakatawan ng mga miyembro ang malawak na hanay ng mga pananaw sa komunidad at siyang naatasan sa pagbibigay ng input ng komunidad sa proseso ng reporma at mga panukala sa reporma sa departamento ng pulisya. Ang CPC ang may responsibilidad sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad ng Seattle upang upang maunawaan at katawanin ang kanilang mga pananaw, at upang bigyan sila ng boses at pakikibahagi sa pagpapahusay sa mga serbisyo ng pulisya.



Lisa Daugaard, *Kasamang Tagapangulo,* Diane Narasaki, *Kasamang Tagapangulo,* Claudia D'Allegri, Bill Hobson, Jay Hollingsworth, Kate Joncas, Joseph Kessler, Tina Podlodowski, Marcel Purnell, Jennifer Shaw, Kevin Stuckey, Rev. Harriett Walden, Rev. Aaron Williams

Isinagawa noong Oktubre 2013 ang unang aktibidad ng CPC na pag-abot sa komunidad. Ang pangunahing layunin ng pagsusumikap na pag-abot sa komunidad na ito ay upang makakuha ng feedback sa mga rekomendasyon sa draft na patakaran ng CPC na nauugnay sa walang kinikilingang pagpupulisya, mga pagpapahinto at pagkulong, paggamit ng pwersa at in-car na video recording. Isinama ang feedback na ito sa ulat ng CPC sa mga rekomendasyon nito sa patakaran na inilabas noong Nobyembre 15, 2013. Habang isinasagawa ang pag-abot noong 2013, kinuha rin ng CPC ang mga pananaw ng komunidad tungkol sa proseso ng reporma sa pangkalahatan, sa tungkulin ng CPC, karanasan sa pulisya at patnubay para sa mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa komunidad sa hinaharap.

Kapansin-pansin ang antas ng paglahok ng komunidad. Ang mga nakilahok ay nagpahayag ng lubos na pasasalamat sa paghiling na lumahok sila at ng malaking interes sa pagkakaroon ng mga pagkakataon sa hinaharap para sa mga tuluy-tuloy na talakayan. Gayunpaman, nagdulot ng maraming problema ang mga kakulangan ng oras sa proseso at pinigilan ang ilang mahahalagang kaakibat na organisasyon at constituent mula sa ganap na pakikilahok. Nagdulot din ang timeframe ng ilang pagdududa na lubos na maiimpluwensyahan ng feedback ng komunidad ang mga pinal na patakaran at repormang ipapatupad ng SPD.

Nilinaw ng mga kalahok na ang tiwala ng publiko sa proseso ng reporma ay lubos na nakadepende sa makikitang patunay ng pagbabago. Kinakailangan ng tuluy-tuloy na pakikipag-usap sa komunidad at kinabibilangan dapat ng mga ulat sa nakamit na pagbabago, kabilang kung gaano kalawak isinama ng mga ipinatupad na patakaran ang mga rekomendasyon ng CPC; impormasyon tungkol sa kung paano naimpluwensyahan ng input ng komunidad ang mga pinal na patakaran at pagsusumikap sa reporma sa pangkalahatan; mga kasanayan ng pulisya sa pagsubaybay sa hard data; at mga resulta ng taunang mga survey sa komunidad.

Naniniwala rin ang mga kalahok na gustong malaman ng publiko ang impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan, paano maghain ng mga reklamo, paano gumagana ang sistema ng pananagutan ng pulisya at ang proseso ng reporma.

Patuloy na kukunin ng CPC ang mga pananaw ng komunidad sa pamamagitan ng pagso-sponsor ng mga pagkakataon para sa pag-uusap tungkol sa mga paraan upang mapabuti ang mga ugnayan ng komunidad at pulisya at magbigay ng mga pananaw ng komunidad tungkol sa mga partikular na usapin sa patakaran.


Noong 2013, nakinabang ang mga workgroup ng patakaran ng CPC mula sa pakikipagtulungan at tulong teknikal ng maraming indibidwal kabilang ang DOJ at ang U.S. Attorney's Office, ang Seattle Police Monitor Team, ang Seattle City Attorney's Office, SPD (lalo na ang Compliance team at kawani ng Pag-audit, Patakaran at Pagsusuri), ang Washington State Criminal Justice Training Commission, ang Office of Professional Accountability Auditor at ang Seattle Human Rights Commission. Inaasahan namin ang mga pakikipagtulungan sa hinaharap habang patuloy kaming nagtatrabaho.


> Noong Oktubre 2013, pinagsama-sama ng CPC at ng mga kaakibat at tagasuporta nito ang mahigit sa 3,400 miyembro ng komunidad sa mahigit sa 150 pagpupulong.









# Ang Proseso ng Pag-abot sa Komunidad noong 2013

Kinuha ng CPC ang mga pananaw ng pangkalahatang publiko, mga opisyal ng pulisya at kinatawan nila sa unyon, at iba pang mga pangunahing stakeholder sa proseso ng reporma, ngunit partikular na interesado ang mga commissioner na malaman ang mga pananaw ng mga nasa Seattle na nagkaroon ng mga hindi magandang ugnayan sa SPD sa nakaraan, o tradisyunal na walang masyadong kumakatawan sa proseso ng paggawa ng patakaran.

Nagsumikap nang husto ang CPC upang imbitahan ang mga miyembro ng mga komunidad na ito na walang masyadong kumakatawan upang masabi ang kanilang mga pananaw sa reporma sa departamento ng pulisya sa mga ligtas na forum sa pamamagitan ng pagkontrata sa 13 organisasyong matatagpuan sa komunidad na direktang naglilingkod sa mga populasyong mahirap abutin, at sa pamamagitan ng pag-abot sa mas marami pang tao. Sa kabuuan, mahigit sa 100 organisasyon ang lumahok sa pagsusumikap na pag-abot.

Pinagsama-sama ng CPC at ng mga kaakibat at tagasuporta nito ang mahigit sa 3,400 miyembro ng komunidad sa mahigit 150 pagpupulong. Parehong quantitative at qualitative na feedback ang natanggap—mahigit 3,000 survey questionnaire ang sinagutan ng mga kalahok at dinokumento nang mabuti ng mga facilitator ang mga pangunahing temang natukoy sa panahon ng mga pag-uusap sa pulong. Habang sinagutan sa Ingles ang karamihan sa mga survey, 464 na survey ang sinagutan na isinalin sa mga wika maliban sa Ingles.

## Mga Resulta ng Survey

Dinisenyo ang survey ng CPC upang bigyang-daan ang mas malawak na paglahok; at hindi ito dinisenyo o ibinibigay sa paraang magreresulta sa isang pagkatawan sa mga pananaw ng komunidad ng lahat ng nakatira o nagtatrabaho sa Seattle batay sa istatistika. Upang matiyak ang kakayahang maihambing sa isa't isa, marami sa mga tanong sa survey ng CPC ang katulad ng mga tanong sa survey sa komunidad na iniatas noong nakaraang taon ng pederal na Tagasubaybay na namamahala sa Kasunduan sa Pagsasaayos sa reporma sa pulisya sa Seattle. May mga karagdagang tanong ang survey ng CPC at mas maraming nakuhang impormasyong demograpiko tungkol sa mga respondent. Ang survey ng Tagasubaybay, na ginawa sa Ingles sa pamamagitan ng telepono, ay nagbigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon at pangkalahatang-ideya sa mga opinyon ng populasyon ng Seattle sa kabuuan. Gayunpaman, iniisip ng CPC na mahalagang magbigay ng iba pang mga paraan upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga taong karaniwang walang boses, at na maaaring may mahahalagang alalahanin sa mga kasanayan ng pulisya upang makakuha ng mas kumpletong larawan ng mga saloobin ng komunidad. Dahil dito, ibinigay sa maraming wika ang mga survey ng CPC, na isinagawa sa mga may gabay na pagpupulong sa mga marginalized na komunidad at pinangunahan ng mga pinagkakatiwalaang pinuno ng komunidad. Nagsagawa ng espesyal na pag-iingat upang makatanggap ng input mula sa mga taong may sakit sa pag-iisip at iba pang mga kapansanan. Sumang-ayon ang Tagasubaybay na magiging mahalaga ang mga resulta ng survey ng CPC sa pagbibigay ng kumpletong batayan ng mga saloobin ng komunidad tungkol sa SPD.

### Demograpiko

Matagumpay ang CPC sa layunin nitong abutin ang maraming taong walang masyadong kumakatawan. Pitumpu't-dalawang porsyento (72%) ng mga survey ang sinagutan ng mga indibidwal na tinukoy ang kanilang mga sarili bilang mula sa lahing hindi puti (people of color). (Kinikilala ng Commission na may iba't ibang kahulugan ang terminong "people of color" at nilalayon dito upang ilarawan ang mga tao, bagama't malaki ang pagkakaiba, na hindi kinikilala bilang Caucasian.) Mahigit 24% ang kinilala bilang imigrante o refugee. Labindalawang porsyento (12%) ang wala pang 18 taon, 18% ang nasa pagitan ng 18 at 25 taong gulang at 23% ang 56 taong gulang o mas matanda. Pantay sa pangkalahatan ang pagkakahati ng mga lalaki at babae (49% at 48% ayon sa pagkakasunud-sunod), at 1% ang kinilala bilang transgender. Humigit-kumulang 16% ang kinilala bilang gay, lesbian o bisexual.

### Pagkakapantay-pantay sa Pakikitungo

Maraming tao (68%) ang hindi naniniwala na pantay na pinakikitunguhan ng SPD ang mga tao ng iba't ibang lahi at etnisidad at 65% ang hindi naniniwala na pantay na pinaglilingkuran ng SPD ang lahat ng lugar sa Seattle. Dalawang-katlo o higit pa ang naniniwala na hindi pinakikitunguhan nang mabuti ng pulisya sa Seattle ang mga taong walang bahay o ang mga taong may mga kriminal na tala tulad ng pakikitungo sa ibang tao. Mahigit sa 50% ang nakakaramdam na hindi pantay ang pakikitungo sa mga taong may sakit sa pag-iisip o may mga problema sa alak o droga, kabataan at mga taong Islam o mula sa Middle East at mahigit sa 40% ang hindi naniniwala na pinakikitunguhan nang mabuti tulad ng ibang tao ang mga miyembro ng komunidad ng LGBT.

Sa pangkalahatan, naniniwala ang mga respondent na madalas o medyo madalas gumagawa ang pulisya ng hanay ng mga negatibong pagkilos. Ang mga pinakamataas na resulta ay tungkol sa ibang pakikitungo sa mga tao dahil sa kanilang lahi—73%, racial profiling—69%, at paggamit ng sobrang pisikal na pwersa—60%. Ang lahat ng natirang mga negatibong gawi maliban sa dalawa ay nagkaroon ng marka na mas mataas sa 50%.

### Pakikipag-ugnayan sa SPD at ang Proseso ng Pananagutan

Halos isang katlo ng mga respondent ang nakapagreklamo na sa SPD, at mula sa mga iyon ay 57% ang hindi nasiyahan sa kung paano ito pinangasiwaan ng SPD. Halos dalawang-katlo (64%) ang nagkaroon na o isang miyembro ng kanilang pamilya ang nagkaroon na ng personal na karanasan sa SPD, at mula sa mga iyon ay 60% ang nag-rate sa karanasan bilang negatibo. Hiniling ng isang open-ended na tanong sa mga may karanasan na sa SPD na magkomento at 71% ang ganap na tumugon. Halos kalahati (48%) ng mga komento ang na-code bilang may negatibong opinyon. Karamihan sa mga komento ay nagpahayag ng pag-aalala tungkol sa pagiging pisikal na o pasalitang agresibo ng pulisya (14%),



**Tinukoy ng mga taong dumalo sa mga pagpupulong sa komunidad kung ano ang kailangang baguhin sa SPD, nag-alok ng mga ideya at solusyon at nagbigay ng feedback sa mga rekomendasyon sa draft na patakaran ng CPC.**

pagiging bastos/walang galang (13%), at pag-aalala tungkol sa pangdidiskrimina ng pulisya (12%).

## Mga Patakaran upang Paghusayin ang Pagganap ng SPD

Kasama rin sa survey ang isang tanong tungkol sa mga paraan upang paghusayin ang pagganap ng SPD. Ang ilan sa bahaging ito ay nagbigay ng feedback na partikular sa mga elementong kasama sa mga rekomendasyon sa draft na patakaran ng CPC. Napakalaking porsyento (75% hanggang 88%) ang naniniwala na ang mga hakbang na ito ay maaaring makagawa ng pagbabago.

### Mga Pangkalahatang Resulta

Bagama't nag-ulat ang mga respondent ng survey ng maraming negatibong pananaw tungkol sa pulisya, binigyan pa rin nila ang pulisya ng matataas na marka sa pangkalahatan para sa pagpapanatiling ligtas ang mga tao, magandang trabaho sa paglilingkod sa kanilang mga kapitbahayan at magalang na pakikitungo sa mga tao. Sa madaling salita, bagama't naniniwala ang mga respondent na mahusay ang pulisya sa paggawa sa kanilang mga trabaho sa komunidad sa pangkalahatan, maraming respondent na sumagot sa survey ang naniniwalang hindi pantay na pinakikitunguhan ng SPD ang ilang tao at na gumagawa ang mga opisyal ng SPD ng maraming negatibong gawi.

## Mga Pangunahing Tema mula sa Mga Pagpupulong Sa Komunidad

Tinukoy ng mga taong dumalo sa mga pagpupulong sa komunidad kung ano ang kailangang baguhin sa SPD, nag-alok ng mga ideya at solusyon at nagbigay ng feedback sa mga rekomendasyon sa draft na patakaran ng CPC. Tumutugma sa mga resulta ng survey ang mga pangunahing temang binanggit sa mga pagpupulong. Mayroong malalim na hindi pagtitiwala sa SPD dahil sa paniniwala at karanasan ng mga tao na nagpapakita ng pagkiling ang ilang opisyal ng pulisya, hindi patas na pagpapahinto sa mga tao, gumagamit ng hindi kinakailangang pwersa at umiiwas sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng hindi wastong paglalagay ng mga in-car na video recording.

### Pagkiling

Naniniwala ang mga dumalo sa mga pagpupulong na nagpapakita ang pulisya ng pagkiling sa pamamagitan ng profiling at sa pamamagitan ng kakulangan sa pag-unawa at papapahintulot sa ibang mga kultura at kaugalian at sa pamamagitan ng iba pang mga gawi kabilang ang pagiging bastos, walang galang, pananakot at bullying. Naniniwala silang hindi tumutugon ang pulisya sa ilang biktima ng krimen at nakakatanggap ng mas kaunting serbisyo ang ilang kapitbahayan—dahil alinman sa pagkiling ng indibidwal o mga kasanayan ng institusyon na humantong sa mga may kinikilingang resulta. May malakas na suporta para sa pagkuha ng mas maraming mga opisyal mula sa iba't ibang lahi at para sa pagtatakda ng mahusay na pakikisalamuha sa iba't ibang kultura at iba pang pagsasanay (ibig sabihin, intervention sa krisis) na nagbibigay sa



mga opisyal ng mahahalagang kasanayan sa pakikitungo sa maraming iba't ibang tao. Mayroon ding malakas na suporta para sa isang matatag na sistema ng pananagutan upang masubaybayan ang mga reklamo, magkolekta ng data at sukatin ang tagumpay sa pagpapawala sa pagkiling sa SPD. May malakas na suporta para sa mga rekomendasyon sa patakaran ng CPC sa walang kinikilingang pagpupulisya, at iminungkahi ng ilan na kinakailangan ng edukasyon upang malaman ng mga miyembro ng komunidad ang kanilang mga karapatang maghain ng mga reklamo sa pagkiling at kung paano gumagana ang nauugnay na pagsisiyasat.

## Mga Pagpapahinto at Pagkulong

Maraming naniniwala na hindi patas na pinapahinto ang ilang tao dahil sa racial at iba pang profiling, hindi makatuwirang palagay, kawalan ng kaalaman sa mga kaugalian, kriminal na background o para sa iba pang mga dahilang hindi wasto. Naniniwala silang maaaring hindi nauunawaan ng mga opisyal ang mga limitasyon ng kanilang awtoridad na magpahinto at magkulong, at hindi alam ng maraming mga miyembro ng komunidad ang kanilang mga karapatan sa mga ganitong sitwasyon. Naniniwala silang lubos na kailangang bigyan ng edukasyon ang publiko at sanayin ang mga opisyal tungkol sa kanilang mga karapatan at obligasyon sa bahaging ito, at marahil ay bigyan ang publiko ng mga gagamiting pamamaraan kapag pinahinto. Bagama't maraming kalahok ang positibo tungkol sa layunin ng mga rekomendasyon sa patakaran ng CPC—upang linawin ang mga panuntunan para sa mga pagpapahinto—may ilang nagpahayag ng pag-aalala na hindi ganap na tinutugunan ng mga rekomendasyon ang problema. Tulad ng ibinigay sa ilalim ng ipinanukalang patakaran ng CPC sa walang kinikilingang pagpupulisya, may suporta para sa pagdodokumento at pagsubaybay sa mga pagpapahinto upang matukoy ang mga pattern ng hindi pantay na pakikitungo sa mga taong pinahinto ng pulisya.

## Paggamit ng Pwersa

May malaking pag-aalala na masyadong madalas gumamit ng pwersa ang pulisya kahit na hindi ito kinakailangan, na minsan ay pinapalala ang mga sitwasyon sa pamamagitan ng paggamit ng bullying o pang-aabuso. Marami ang tumukoy sa personal na karanasan o kaalaman sa problema sa sarili nilang mga komunidad. Pinakakaraniwang kasama sa mga solusyon ang pagsasanay sa mga opisyal upang pakitunguhan ang mga indibidwal na mahirap kausap, pagpapahupa sa mga pangyayari at pagbibigay ng edukasyon sa publiko sa mga panuntunan sa paggamit ng pwersa at kung paano mag-ulat ng mga pangyayari. Nagmungkahi rin ng ilang diskarte sa pagkuha at pagbibigay ng tuluy-tuloy na suporta sa mga opisyal. Marami ang nagkomento na mabigat ang ipinanukalang patakaran ng SPD at na parehong makakatulong sa mga opsiyal at publiko kung gagawing mas simple at mas malinaw ang patakaran. Sinuportahan ng mga kalahok ang ipinanukalang patakaran ng SPD na nauugnay sa pag-uulat at pagsisiyasat sa karamihan ng mga pangyayaring gumamit ng pwersa, bagama't naniniwala ang ilan na dapat ding i-ulat at siyasatin kahit na ang kaunting paggamit ng pwersa. Nagbigay ng ilang karagdagang rekomendasyon sa patakaran ang mga kalahok, kabilang na ang pagtibayin ng patakaran ang mga gagamiting pamantayan sa paggamit ng pwersa at pagpapahupa sa mga sitwasyong kinasasangkutan ng sibil na pagsuway.

### Mga In-Car na Video Recording

Nagpahayag ng matinding pagdududa ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa paggamit ng pulisya ng mga in-car na video recording. Marami ang pumabor sa ganap na limitadong pagpapasya ng opisyal (mas awtomatikong pagti-tigger ng mga camera, habang sinuportahan ng ilan ang pagiging bukas ng mga camera sa lahat ng oras). Binigyang-diin ang pangangailangan ng edukasyon ng komunidad upang matiyak na mauunawaan ng publiko ang mga manu-mano at awtomatikong mekanismo para sa pagre-record, gayundin ang kanilang mga karapatang idokumento ang mga pagkilos ng pulisya. Marami ang nagpahayag ng suporta para sa mahusay na sistema ng pananagutan upang matiyak ang pagsunod sa mga patakaran sa pagre-record. Sinuportahan din ng karamihan ang mga rekomendasyon ng CPC at naniniwalang makakabuti sa interes ng mga opisyal at ng publiko ang mga hindi pabagu-bago at mapagkakatiwalaang pagre-record. Iminungkahi ng ilan na tingnan ng SPD ang kahalagahan ng mga camera sa katawan, lalo na para sa mga opisyal na hindi gumagamit ng mga patrol car; at habang gustong maging available ang mga recording, marami ang nagpahayag ng pag-aalala tungkol sa karapatan sa privacy at iniisip na dapat tugunan ng patakaran ang mahirap na isyung ito.

### Mga Ideya para sa Pagbabago sa Hinaharap

Kahit na may mga kritisismo, nagbahagi rin ang mga kalahok ng maraming magagandang obserbasyon tungkol sa mga opisyal ng SPD at nagmungkahi ng ilang pagpapabuti. Iniulat ng ilang kalahok ang mga positibo at magalang na pakikipag-ugnayang naranasan nila sa mga opisyal ng SPD. Sinabi ng ilan na maaaring masira ng isang “masamang” opisyal ang reputasyon ng buong departamento; at tinukoy ng ilan ang hindi magandang gawi ng mga opisyal sa iba pang mga hurisdiksyon na hindi patas na nakakasira sa reputasyon ng mga opisyal ng SPD. Sinabi ng ilang kabataan ang tungkol sa mga opisyal na pinagkakatiwalaan nila at kung saan nagkaroon sila ng magagandang karanasan—sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos, nagpakita ng paggalang ang mga opisyal na ito at ipinamalas na nagmamalasakit sila, nag-aalok ng tulong at nakaka-ugnay sa mga problemang hinaharap ng mga kabataang ito. Ang pangunahing tema na paulit-ulit na lumitaw ay ang pangangailangan ng mga opisyal na bumuo ng mga ugnayan sa iba't ibang komunidad sa Seattle. Maraming suhestyon para sa kung paano masisimulan ng pulisya ang mas magagandang koneksyon sa mga komunidad na pinaglilingkuran nila. Mapapabuti ng mga koneksyong ito ang mga komunikasyon at ugnayan na hindi mahusay na naihahatid ng ilan sa pormal na paraang umiiral ngayon.

## Kasalukuyang Katayuan at Mga Susunod na Hakbang para sa 2014

### Ulat sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Ang ulat sa mga kinalabasan ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ng CPC noong 2013 ay ibibigay sa mga partido ng Kasunduan sa Pagsasaayos, at sa iba pang may malaking interes sa at reponsibilidad para sa kaligtasan ng publiko at pananagutan ng pulisya sa Seattle, kabilang ang mga organisasyon at indibidwal kung saan nakipagtulungan ang CPC upang maisagawa ang pag-abot nito.

### Pagsusuri sa Mga Ipinatupad na Patakaran

Inaprubahan na ng hukuman ang isang bagong patakaran sa paggamit ng pwersa para sa SPD at aaprubahan at ipapatupad sa unang bahagi ng 2014 ang mga pinal na patakaran sa walang kinikilingang pagpupulisya, mga pagpapahinto at pagkulong at in-car na video recording. Susuriin ng CPC ang mga naaprubahang patakaran, tatasahin kung gaano kalawak ang isinama nila sa mga pangunahing probisyong inirekomenda ng CPC, at muling mag-uulat sa komunidad tungkol sa mga probisyon sa mga pinal na patakaran, paano maihahambing ang mga ito sa mga rekomendasyon ng CPC at sa kamakailang proseso ng paggawa ng patakaran.

**Susuriin ng CPC ang mga naaprubahang patakaran, tatasahin kung gaano kalawak ang isinama nila sa mga pangunahing probisyong inirekomenda ng CPC, at muling mag-uulat sa komunidad tungkol sa mga probisyon sa mga pinal na patakaran, paano maihahambing ang mga ito sa mga rekomendasyon ng CPC at sa kamakailang proseso ng paggawa ng patakaran.**

### Pagsusuri at Mga Rekomendasyon sa Pagsasanay ng SPD sa Mga Pangunahing Patakaran

Sa 2014, magbibigay ng mga rekomendasyon ang CPC sa balangkas ng aralin sa pagsasanay at mga nauugnay na paksang may kaugnayan sa pagsasanay sa ilang bahagi kabilang ang walang kinikilingang pagpupulisya, mga pagpapahinto at pagkulong, paggamit ng pwersa at intervention sa krisis. Iba-iba ang mga deadline para sa mga rekomendasyon ng CPC, ihahatid ang iba sa una at ang iba sa ikalawang quarter ng taon.

### Pagsusuri sa Data at Mga Rekomendasyon Patungkol sa Mga Pattern sa Mga Pagkilos na Pagpapatupad

Alinsunod sa bagong patakaran sa walang kinikilingang pagpupulisya, makikipagtulungan ang SPD sa CPC upang matukoy ang mga bahagi kung saan nangyayari ang hindi parehong pagpapatupad batay sa ilang partikular na grupo ng lahi, etnisidad o bayang pinagmulan, at kung saan makakapagbigay ang iba pang mga katulad na mabisang kasanayan ng mga mas pantay na kalalabasan. Susuriin ng mga mananaliksik na nakikipagtulungan sa CPC ang data ng SPD sa mga pag-aresto, pagpapahinto, pagkulong, pagkilala at paggamit ng pwersa bilang suporta sa proyektong iyon.

### Pagsusuri at Mga Rekomendasyon sa Pananagutan ng SPD

Susuriin din ng CPC ang sistema ng pananagutan ng SPD, kabilang ang mga patakaran, istruktura at mga proseso ng Office of Professional Accountability (OPA). Umaasa itong makakapagbigay ng mga rekomendasyon sa bahaging ito pagsapit ng ika-30 ng Abril.

### Pagsusuri at Mga Rekomendasyon sa Pag-abot ng SPD

Ang CPC din ang may responsibilidad sa pag-uulat tungkol sa mga inisyatibo ng SPD sa pag-abot sa komunidad at maaaring magmungkahi ng mga diskarteng maaaring ipatupad ng departamento upang mapataas ang kumpyansa ng publiko. Hindi pa nagagawa ang timeline para sa trabahong ito sa 2014.

### Mga Miyembro ng Workgroup

**Workgroup ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**

Claudia D'Allegri at Kate Joncas, *Mga kasamang tagapangulo*
Jay Hollingsworth
Diane Narasaki
Rev. Harriett Walden

**Workgroup ng Walang Kinikilingang Pagpupulisya**

Jay Hollingsworth at Rev. Harriett Walden, *Mga kasamang tagapangulo*
Claudia D'Allegri
Lisa Daugaard
Marcel Purnell

**Workgroup ng Mga Pagpapahinto at Pagkulong**

Bill Hobson at Jennifer Shaw, *Mga kasamang tagapangulo*
Lisa Daugaard
Kate Joncas
Joseph Kessler
Kevin Stuckey
Rev. Aaron Williams

**Workgroup ng Paggamit ng Pwersa**

Joseph Kessler at Rev. Aaron Williams, *Mga kasamang tagapangulo*
Jay Hollingsworth
Kate Joncas
Jennifer Shaw
Kevin Stuckey
Rev. Harriett Walden